# KABANATA V: TALA SA GABING MADILIM

Pumasok si Crisostomo Ibarra sa silid na nakaharap sa ilog. Naupo sa silya at tumitig sa bukas na bintana.

Maliwanag ang ilaw sa bahay sa ibayo ng ilog at naririnig niya ang masasayang tugtugin ng gitara. Kung hindi lamang magulo ang kaniyang isip, marahil ay nakuha niya na ang largabista at natuksong sipatin ang magandang tanawin sa ibayo. Matatanaw niya ang isang marilag na babae na ang gandang hubog ng katawan ay nabibihisan ng katutubong damit. Nasa gitna ng nakapaligid na intsik, kastila, pilipino, mga opisyal at pari, matatandang babae, at kabataang lalaki. Lahat sila ay nag-aagawang makabati at pumuri sa dalaga.

Sa tabi ng dalaga ay makikita niya si Padre Damaso na nakangiti ngayon. Kausap ng babae si Padre Sibyla at inaayos naman ni Donya Victorina ang palamuting perlas at brilyante sa buhok ng dalaga. Maputi siya. May mga matang kapag itinititig ay may kislap ng kawalang-malay. May mga ngiting humahamak sa mga rosas at mga ngiping simputi ng garing. Sa kaniyang maputi at wari'y nililok na leeg ay nakapahiyas ang brilyanteng kuwintas na nasisinag sa nakabalabal na jusi na yari sa himaymay ng pinya. Isang lalaki lamang ang tila hindi niya maakit. Isang pransiskanong payat at putlain. Malayo ngunit nakatingin sa dalaga. Hindi yaon kumikilos at parang hindi humihinga.

Ngunit hindi nakikita ni Ibarra ang lahat nang ito. Iba ang nasa isip niya. Parisukat na pader na kumukulong sa makipot na silid. Sa gawing itaas ng pader ay may munting bintanang rehas. Sa lapag ay may nakalatag na maruming banig na kinahihigaan ng isang matandang naghihingalo. Paminsan-minsan ay dumaraing at binibigkas ang isang pangalan. Nag-iisa ang matandang iyon. Mula sa labas ng pader ay maririnig ang kalansing ng kadena at panaghoy. Samantalang sa malayo ay ibang tanawin ang makikita. Kasayahan. Isang batang lalaki ang humahalakhak, sumisigaw, nagdidilig ng alak sa mga bulaklak sa saliw ng tawanan at palakpakan ng mga lasing nang kasamahan. Nasisinag niya sa matandang lalaki ang kaniyang ama. Nakita niya ang sarili sa batang lalaki. Pangalan niya ang binibigkas sa panaghoy ng matandang lalaki

Noli Me Tangere